# Chapter 19

# Employees' Compensation Commission

Marahil marami pa sa mga marino ang hindi nakakaalam tungkol sa ating mga benepisyo mula sa Employees' Compensation Program (ECP).

Ang Employees' Compensation Commission (ECC) ay isang ahensya sa ilalim ng Department of Labor and Employment (DOLE) na nagpapatupad ng Employees' Compensation Program (ECP) para sa kapakanan ng manggagawa, kabilang tayong marino. Pinupunduhan ito ng kontribusyon mula sa ating employer.

Magsisimula ang coverage natin sa ECP sa unang araw ng pagpirma natin sa kontrata.

Sa ilalim ng ECP, puwede tayong makatanggap ng mga sumusunod na benepisyo kung tayo ay nagkasakit nang dahil sa trabaho (occupational diseases) o kaya ay nasaktan o nasawi bunga ng aksidente sa pagtratrabaho (work-related incidents).

## I. Mga benepisyo sa ilalim ng ECP

a. Loss of income benefits o kapag nawalan tayo ng kita dahil sa aksidente o sakit. Pwede itong Temporary Total Disability (TTD), Permanent Partial Disability (PPD) at Permanent Total Disability (PTD);
b. Medical services, appliances and supplies o pagpapagamot, pati na kagamitan at gamot na kailangan;
c. Carers' Allowance,
d. Rehabilitation services,
e. Death benefits,
f. Funeral benefits o panggastos sa burol

Ang primary beneficiaries ay ang asawa at anak na wala pang 21 taon gulang, walang trabaho at wala pang asawa. Maaaring makakuha ng benepisyo ang anak na lampas sa 21 taon kung mayroon itong kapansanan at hindi kayang suportahan ang sarili.

Ang secondary beneficiaries naman ay mga magulang o legitimate descendants at mga illegitimate children.

## II. Iba pang tulong mula sa ECC

Pangunahing layunin ng programa ang makatulong sa marino kung ang pagkakasakit ay maituturing na occupational disease at kung nasaktan o nasawi dahil sa isang aksidente sa trabaho, upang sila ay maging produktibong muli sa pamamagitan ng mga sumusunod:

### a. ECC-Quick Response Program

Layunin ng programang ito na magkaloob ng agarang tulong sa pamilya ng mga marinong nabalda o nasawi bunga ng pagkakasakit o aksidente sa barko.

Mga benepisyo at serbisyo ng ECC-QRP

- Pagsasagawa ng psychosocial counselling at stress debriefing sa mga marinong nagkasakit o naaksidente;
- Pagpapaalam sa marino ng kanyang benepisyo sa ilalim ng ECP;
- Tulong sa pag-aayos ng requirements sa pag-file ng EC benefit claims;

### b. KaGabay Program

"Katulong at Gabay sa Manggagawang May Kapansanan" o KaGabay Program para sa Persons with Work-Related Disability (PWRDs). Ito'y nagbibigay ng vocational skills, entrepreneurial training at iba pang tulong para sa PWRD upang siya ay makakuha ng trabaho o magkaroon ng negosyo.

Mga benepisyo at serbisyo sa ilalim ng KaGabay Program:

- Physical restoration ng marinong may WRD kasama na rin ang pagkakaloob ng physical o occupational therapy services pati na ang kinakailangang medical appliances/ prosthesis.
- Skills training sa mga partner training centers para makapagtrabaho muli ang marino.
- Entrepreneurial training sa mga partner training institutions para makatulong sa marino na makapagsimula ng mapagkakakitaan.

c. **Job Placement Facilitation**

Layunin naman nito na tulungang makahanap ng trabaho ang PWRDs o mga anak niya.

**EC Claim para sa marinong nagkasakit o naaksidente nang dahil sa trabaho.**




- Ang EC claim ay dapat i-file sa SSS branch na pinakamalapit sa bahay o pinakamalapit sa opisina ng marino.
- Kapag ang EC claim ay approved na ng SSS branch, makakatanggap siya ng abiso o sulat mula sa SSS.
- Kapag ang EC claim ay hindi pinagbigyan ng SSS branch, may pagkakataon na mag-file ng motion for reconsideration ang marino sa SSS-Main Office. Kapag ito ay approved na ng SSS Main Office, makakatanggap ng abiso o sulat ang marino galing SSS-Main Office.
- Kapag ang motion for reconsideration ay hindi pinagbigyan ng SSS-Main Office, ang marino, ay maaaring mag-apela sa main office o REU ng Employees' Compensation Commission (ECC).
- Ang ECC ay may mga Regional Extension Unit (REU) sa bawat rehiyon. Ang mga marino o ang kanilang beneficiaries ay pwedeng lumapit sa mga empleyado ng ECC-REU na karaniwang nasa opisina ng DOLE Regional Offices.
- Ang benepisyo sa ilalim ng SSS ay hiwalay pa sa benepisyong matatanggap ng marino sa ilalim ng EC Program kapag ang sakit o aksidente ay dahil sa trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

- Email us at **info@ecc.gov.ph**
- Call us at **899-4251 to 52, 899-5451, 897-0526, 897-0738, 896-4326, 890-7391, 890-1073,890-1954, 890-1067 locals 226, 227, 228 & 239**